BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Pebrero 27, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tina Landis, 415.940.3585

Inaprubahan ng estado ang Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco para sa pagpopondo ng AB 617 para sa pagpapalawak ng gawain sa pagbabawas ng mga emisyon

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na bumoto ang Lupon ng Mga Resource ng Hangin ng California (California Air Resources Board) na pormal na isama ang Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco sa Programa sa Proteksyon ng Hangin ng Komunidad ng estado, na tinatawag ding AB 617. Idinidirekta ng pangunahing pagkilos na ito ang mga pondo at resource ng estado sa isang mahusay, may kabuluhan sa kasaysayan, at mayaman sa kulturang komunidad ng Bay Area.

Para labanan ang walang katulad na problema sa polusyong nararanasan sa lugar ng Bayview Hunters Point, bubuo ang Distrito ng Hangin sa patas na pakikipagtulungan sa Bayview Hunters Point Community Advocates at Marie Harrison Community Foundation, ng Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon ng Komunidad (Community Emissions Reduction Plan), o CERP, na proseso na magsisilbing blueprint para sa pagpapahusay ng kalidad ng hangin sa Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco.

“Ang Bayview Hunters Point community ay may mahabang kasaysayan ng mas matataas na antas ng pagpaparumi sa hangin na may matinding epekto sa kalusugan para sa mga residente ng timog-silangang San Francisco,” ayon sa tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin na si Dr. Philip Fine. “Nasasabik na kaming makipagtulungan sa komunidad para matugunan ang mga kawalan ng hustisyang ito sa kapaligiran sa pamamagitan ng mga kinakailangang pagpapahusay sa kalidad ng hangin.”

“Ang pagtatalagang ito ng AB 617 sa Bayview Hunters Point ay isang mahalagang hakbang patungo sa paglutas sa mga problema sa kalidad ng hangin na kinakaharap ng komunidad na ito,” ayon sa miyembro ng Lupon ng Distrito ng Hangin at San Francisco District 10 Supervisor na si Shamann Walton. “Nararapat sa lahat ng residente ng Bay Area na magkaroon ng malinis na hangin, at makakatulong ang atensyon mula sa lahat ng antas ng pamahalaan na makamit ang layuning iyon para sa komunidad na ito na labis na naapektuhan ng mga kawalan ng hustisya sa kapaligiran.”

Pagkatapos hinirang ng mga miyembro ng komunidad ang kanilang komunidad sa programang AB 617, pinili ng Distrito ng Hangin, sa suporta ng CARB, ang Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco bilang isang komunidad na may mataas na prayoridad para sa nakatuong pagkilos sa Bay Area dahil sa matagal nang hamon sa kalidad ng hangin, isyu sa hustisya sa kapaligiran, at hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

Ang Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco, na pangunahing matatagpuan sa Distrito 10, ay magiging ikaapat na lugar ng AB 617 sa Bay Area na sinuportahan ng CARB para sa isang CERP, kasama ang West Oakland, Richmond-North Richmond-San Pablo, at East Oakland. Layunin ng CERP na pagtuunan at pabilisin ang mga bagong pagkilos na pinili ng mga miyembro ng komunidad na higit sa mga kasalukuyang programa ng estado at rehiyon, para magbigay ng mga direktang pagbabawas sa mga emisyon at pagkakalantad sa pagpaparumi ng hangin.

Makakasama sa CERP ang pagbuo ng mga target sa pagbabawas ng mga emisyon, estratehiya sa pagbabawas, iskedyul sa pagpapatupad, at plano sa pagsasagawa. Ang proseso ng CERP ay gagabayan ng isang tagagabay na komite na binubuo ng 25 miyembro mula sa komunidad. Hinihikayat ng Air District ang mga residente at kinatawan ng Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco ng komunidad na mag-apply na maging bahagi ng tagapamahalang komite, na inaasahang magsimula ng gawain sa Hunyo.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable sa pangangalaga ng kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*